

Form ng Kahilingan sa Equifax Data Breach Para sa Mga Miyembro ng Grupo ng Mga Menor de Edad sa Mayo 13, 2017

MGA BENEPISYO NG KASUNDUAN – ANONG MAAARI NINYONG MAKUHA

Maaaring gamitin ang form ng kahilingan na ito upang magsumite ng kahilingan sa ngalan ng isang miyembro ng grupo na ang personal na impormasyon ay naapektuhan ng Equifax data breach na inanunsyo noong Setyembre 7, 2017, at mas bata sa edad na 18 **noong Mayo 13, 2017** ("Mga Naapektuhang Menor de Edad").

Gamitin ang form ng kahilingan na ito kung ang isa sa mga sumusunod na pangyayari ay naaangkop sa inyo:

- Kung ang inyong anak ay naapektuhan ng data breach, at mas bata pa sa edad na 18 sa petsa na isinumite ang form ng kahilingan na ito. Kailangang magsumite ng mga form ng kahilingan ang mga magulang o legal na mga tagapag-alaga sa ngalan ng mga indibidwal na menor de edad pa.
- Kung kayo ay naapektuhan ng data breach, at kayo ay lagpas na sa edad na 18 sa petsa na isinumite ninyo ang form ng kahilingan na ito. Kung kayo ay lagpas na sa edad na 18, kayo lamang o ang inyong pinahintulutang kinatawan ang maaaring magsumite ng form ng kahilingan sa inyong ngalan.

Kung kayo ay lagpas na sa edad na 18 noong Mayo 13, 2017, at nais na mag-file ng form ng kahilingan, bisitahin ang www.EquifaxBreachSettlement.com. Huwag gamitin ang form ng kahilingan na ito.

Maaari kayong magsumite ng kahilingan para sa isa o higit pa sa mga benepisyong ito:

Pagsubaybay ng credit o Kabayaranang Cash na hanggang sa \$125: Gamitin ang form ng kahilingan upang humiling ng mga libreng serbisyo sa pagsubaybay ng credit. O, kung mayroon kayo o ang inyong anak ng mga serbisyo sa pagsubaybay ng credit, at pananatilihin ninyo nang hindi bababa sa anim na buwan pagkatapos i-file ang inyong kahilingan, maaari kayong humiling ng kabayaranang cash na hanggang sa \$125.

Balik-bayad na Cash. Gamitin ang form ng kahilingan na ito upang humiling ng kabayaran para sa isa o higit pa sa mga sumusunod:

1. **Balik-bayad para sa Ginugol na Oras.** Kung gumugol kayo ng oras o ang inyong anak upang makaiwas o makabawi mula sa panloloko o pagnanakaw ng pagkakakilanlan dahil sa Equifax data breach, maaari kayong makakuha ng hanggang

Mga Tanong? Bisitahin ang www.EquifaxBreachSettlement.com o tumawag sa 1-833-759-2982

sa \$25 bawat oras nang hanggang kabuuang 10 oras, o hanggang kabuuang 20 oras kung magbibigay kayo ng mga pansuportang dokumentong.

2. **Balik-bayad para sa Perang Nagastos Ninyo.** Kung gumastos kayo o ang inyong anak ng pera upang makaiwas o makabawi mula sa panloloko o pagnanakaw ng pagkakakilanlan dahil sa Equifax data breach, maaari kayong humiling ng balik-bayad na hanggang \$20,000. Kailangang magsumite kayo ng mga dokumentong sumusuporta sa inyong kahilingan.
3. **Hanggang 25% na Balik-Bayad para sa Mga Subscription sa Pagsubaybay ng Credit ng Equifax.** Kung may subscription kayo o ang inyong anak sa Equifax na pagsubaybay sa credit o proteksyon sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan sa pagitan ng petsang 9/7/2016 at 9/7/2017, maaari kayong makakuha ng hanggang sa 25% ng hagang ibinayad ninyo.

Walang kinakailangang kahilingan para sa **mga serbisyo sa pagpapanumbalik ng pagkakakilanlan**. Maaaring ma-access ng mga mamimili sa U.S. ang mga serbisyo sa panunumbalik ng pagkakakilanlan na naapektuhan ng Equifax data breach sa panahon na hindi bababa sa 7 taon sa sandaling nasa pagpapasya na ang Kasunduan. Makikita ang higit pang impormasyon sa www.EquifaxBreachSettlement.com.

* * *

Kailangang maipadala sa koreo ang mga kahilingan nang hindi lalagpas ng 01/22/2020. Gamitin ang address sa itaas ng form na ito upang ipadala sa koreo ang inyong kahilingan.

Pakitandaan: maaari kayong tawagan ng administrador ng kasunduan upang humingi ng mga karagdagang dokumento upang maiproseso ang inyong kahilingan.

Maaaring bumaba ang inyong benepisyong cash depende sa bilang at halaga ng mga nai-file na kahilingan.

Para sa higit pang impormasyon at mga kumpletong tagubilin bisitahin ang **www.EquifaxBreachSettlement.com**.

Pakitandaan na ang mga benepisyo sa Kasunduan ay ibabahagi pagkatapos na maaprubahan ng Korte at nasa pagpapasya na.

Ang Inyong Impormasyon

Gagamitin namin ang impormasyong ito upang matawagan kayo at maiproseso ang inyong kahilingan. Hindi ito gagamitin para sa anumang iba pang layunin. Kung may pagbabago sa anuman sa mga sumusunod na impormasyon, kailangan ninyong ipagbigay-alam agad sa amin sa pamamagitan ng pag-email sa info@EquifaxBreachSettlement.com.

1. ANG INYONG PANGALAN (KINAKAILANGAN):	Pangalan	Gitnang Inisyal	Apelyido
2. NAGPA-FILE BA KAYO PARA SA INYONG SARILI O PARA SA INYONG ANAK NA MENOR DE EDAD?	_____ Para sa sarili ko. Ako ay mas bata sa edad na 18 taong gulang noong Mayo 13, 2017, ngunit ako ngayon ay higit na sa 18 taong gulang (pumunta na sa "Address na Pang-koreo" sa 4, sa ibaba); O _____ Nagpa-file ako sa ngalan ng aking anak, na menor de edad pa sa panahon ng pag-file ng form na ito (ilagay ang "Pangalan ng Anak" sa 3, sa ibaba).		
3. PANGALAN NG ANAK (KUNG NAAANGKOP):	Pangalan	Gitnang Inisyal	Apelyido
4. ANG INYONG ADDRESS NA PANG-KOREO (KINAKAILANGAN)	Address ng Kalye Num. ng Apt. Lungsod Estado Zip		
5. ANG NUMERO NG INYONG TELEPONO:			
6. ANG INYONG EMAIL ADDRESS:			
7. TAON NG KAPANGANAKAN (KINAKAILANGAN)	<i>Ilagay ang taon ng inyong kapanganakan kung sasagutan ito para sa sarili o ilagay ang taon ng kapanganakan ng inyong anak kung sasagutan ito sa ngalan ng menor de edad.</i>		

Pagsubaybay ng Credit: Libreng Serbisyo o Kabayaranang Cash

Maaaring karapat-dapat kayo na makatanggap ng libreng pagsubaybay ng credit o hanggang \$125 kung mayroon na kayong pagsubaybay ng credit.

Maaaring makatanggap ang isang Naapektuhang Menor de Edad ng mga libreng serbisyo sa pagsubaybay na ibinigay ng Experian nang hindi bababa sa apat na taon. **Habang mas bata sa edad na 18 taong gulang ang isang Naapektuhang Menor de Edad, ang mga serbisyo ay mga serbisyong pagsubaybay sa bata.** Sa sandaling naging 18 taong gulang na ang Naapektuhang Menor de Edad, ang mga serbisyo ay ang parehong tatlong kawanihan na pagsubaybay sa lahat ng tatlong pambansang kawanihan sa pagsubaybay (Equifax, Experian, at TransUnion) na ibinigay sa mga nakatatanda. Makatanggap rin ang isang Naapektuhang Menor de Edad ng mga libreng serbisyo ng pagsubaybay na ibinigay ng Equifax nang hanggang labing-apat na taon bago magtapos ang serbisyo ng Experian. Muli, habang mas bata sa edad na 18 ang isang Naapektuhang Menor de Edad, ang mga serbisyo ay mga serbisyong pagsubaybay sa bata na angkop sa mga menor de edad. Sa sandaling naging 18 taong gulang ang Naapektuhang Menor de Edad, ang mga serbisyo ay ang parehong nag-iisang kawanihan sa pagsubaybay na ibinigay sa mga nakatatanda.

O, kung mayroong mga serbisyo sa pagsubaybay ng credit ang Naapektuhang Menor de Edad na mananatili sa Naapektuhang Menor de Edad nang hindi bababa sa anim na buwan, maaari kayong humiling ng kabayaranang cash na hanggang sa \$125. ***Maaaring bumaba ang bayad sa inyo, depende sa bilang at halaga ng mga nai-file na kahilingan.***

Mangyaring pumili sa alinman sa Opsyon 1 o Opsyon 2 sa ibaba, ngunit hindi pareho.

- ☐ **Opsyon 1, Pagsubaybay ng Credit:** Gusto kong makatanggap ng libre, tatlong kawanihan na pagsubaybay ng credit para sa sarili ko o para sa aking anak.

Kung pinili ninyo ang opsyon na ito, padadalhan kayo ng mga tagubilin at isang activation code sa inyong email address o address ng tirahan pagkatapos mapagpasyahan ang kasunduan. Hindi kayo “bebentahan muli” ng anumang mga serbisyo sa pamamagitan ng pag-enroll o kung hindi man ay hihingang magbigay ng anumang bayad para sa mga serbisyong ito ngayon o sa hinaharap.

Kung pinili ninyo ang Opsyon 1, nais ba ninyong mag-sign-up para sa libreng serbisyo ng isang kawanihan sa pagsubaybay sa credit ng Equifax nang hanggang 14 pang taon pagkatapos ng pag-expire ng paunang mga serbisyo ng tatlong kawanihan sa pagsubaybay ng credit?

☐ Oo.

Kung “oo” ang inyong pinili para sa opsyong ito, papadalhan kayo sa inyong email address o sa address ng inyong tirahan ng mga tagubilin bago mag-expire ang inyong tatlong-kawanihan sa pagsubaybay ng credit. Hindi kayo “bebentahan muli” ng anumang mga serbisyo sa pamamagitan ng pag-enroll o kung hindi man ay hihingang magbigay ng anumang bayad para sa mga serbisyong ito ngayon o sa hinaharap.

- ☐ **Opsyon 2, Kabayaranang Cash:** Gusto ko ng kabayaranang cash na \$125. Pinapatunayan ko na mayroon akong pagsubaybay ng credit para sa sarili ko o para sa aking anak at magagamit ko iyon nang hindi bababa sa 6 na buwan mula sa araw na ito.

Pangalan ng Serbisyo sa Pagsubaybay ng Credit na mayroon kayo at ang inyong anak ngayon na mananatili nang hindi bababa sa anim na buwan:

Kung inyong pinili ang opsyong ito, hindi rin kayo maaaring mag-enroll sa libreng serbisyo ng tatlong kawanihan sa pagsubaybay ng credit na ibinibigay sa pamamagitan ng Kasunduang ito.

Kabayarang Cash: Ginugol na Oras

Kung gumugol kayo o ang inyong anak ng oras sa pagsubok na makabawi mula sa panloloko o pagnanakaw ng pagkakakilanlan na sanhi ng data breach, o kung gumugol kayo ng oras sa pagsubok na makaiwas sa panloloko o pagnanakaw ng pagkakakilanlan dahil sa data breach (paglalagay o pag-alis ng mga credit freeze sa inyong mga file ng credit o pagbili ng mga serbisyo sa pagsubaybay ng credit), kumpletuhin ang chart sa ibaba. Maaari kayong bayaran ng hanggang sa \$25 bawat oras hanggang sa 20 oras. ***Maaaring bumaba ang bayad sa inyo, depende sa bilang at halaga ng mga nai-file na kahilingan.***

Kung kayo ay humihiling ng **10 oras o mas mababa**, kailangan **ninyong** ilarawan ang mga pagkilos na inyong ginawa bilang pagtugon sa data breach at ang oras na naganap ang bawat pagkilos.

Kung kayo ay humihiling ng **mahigit sa kabuuang 10 oras**, kailangan **ninyong** ilarawan ang mga pagkilos na inyong ginawa bilang pagtugon sa data breach at magsama ng mga dokumentong sumusuporta na nagpapakita ng panloloko, pagnanakaw ng pagkakakilanlan o iba pang maling paggamit sa inyong personal na impormasyon.

Sa pamamagitan ng pagsagot sa mga kahon sa ibaba, pinapaturunan ninyo na ang ginugol ninyong oras ay walang kaugnayan sa iba pang data breach.

Paliwanag sa Ginugol na Oras (Tukuyin kung ano ang inyong ginawa at bakit)	Tinatayang (mga) Petsa	Bilang ng Oras at Minuto	Dokumentong Sumusuporta? (O/H)

Kabayaranang Cash: Perang Nawala o Nagastos Ninyo

Kung nawalan o gumastos kayo o ang inyong anak ng pera sa pagsubok na makaiwas o makabawi mula sa panloloko o pagnanakaw ng pagkakakilanlan na sanhi ng Equifax data breach at hindi ibinalik ang inyong pera, maaari kayong makatanggap ng balik-bayad na hanggang \$20,000 sa kabuuan.

Mahalang magpadala kayo ng mga dokumento na nagpapakita ng kung ano ang nangyari at magkano ang nawala o nagastos ninyong pera, upang maibalik ang inyong pera (maliban sa perang maaaring ginastos ninyo sa subscription na mga produkto ng Equifax na ipinapaliwanag sa ibaba). Kung ang mga ito ay pareho sa mga dokumento na isinama ninyo sa seksyon sa itaas, hindi ninyo kailangang ipadalang muli.

Upang makita ang higit pang detalye tungkol sa kung paano ang mga kabayaranang cash, bisitahin ang **www.EquifaxBreachSettlement.com** o tumawag nang toll-free sa 1-833-759-2982. Makikita ninyo ang higit pang impormasyon tungkol sa mga uri ng gastos at nawala na maaaring ibalik sa inyo, kung anong mga dokumento ang kinakailangan ninyong isama, at kung paano nagpapasya ang Administrador ng Kasunduan upang maaprubahan ang inyong kabayaran.

Uri ng Nawala at Mga Halimbawa ng Dokumento	Halaga at Petsa	Paglalarawan ng Nawala o Nagastos na Pera at Mga Dokumentong Sumusuporta (Tukuyin kung ano ang inyong isinasama, at kung bakit ito nauugnay sa Equifax breach)
Mga gastos para sa paghinto o muling pagpapagana ng ulat ng inyong credit noong o pagkatapos ng 9/7/2017 <i>Mga Halimbawa: Mga resibo, abiso, o mga account statement na nagpapakita ng bayad para sa paghinto ng credit</i>	\$ Petsa:	

Ang pagsubaybay ng credit at proteksyon sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan na binili sa pagitan ng petsang 9/7/2017 at ng petsa ng pagsumite ng inyong kahilingan <i>Mga halimbawa: Mga resibo o statement para sa mga serbisyo sa pagsubaybay ng credit</i>	\$ Petsa:	
Mga nagastos para sa Equifax credit o subscription sa mga produktong pagsubaybay sa pagnanakaw ng credit na nabili ko sa pagitan ng petsang 9/7/2016 at 9/7/2017 <i>Susuriin ng Equifax ang mga talaan nito at babayaran ang mga kahilingang ito nang walang dokumentasyon kung tumutugma sa inyong kahilingan ang mga talaan ng Equifax. Maaari pa rin kayong magsumite ng mga resibo ng statement para sa mga serbisyo sa pagsubaybay ng credit ng Equifax upang masuportahan ang inyong kahilingan</i>	\$ Petsa:	
Mga gastos, bayarin, at nawala dahil sa pagnanakaw sa pagkakakilanlan, panloloko, o maling paggamit sa inyong personal na impormasyon noong o pagkatapos ng 05/13/2017 <i>Mga Halimbawa: Account statement na nagpapakita ng mga walang pahintulot na pagsingil; mga ulat ng pulis; mga dokumento ng IRS; Mga Ulat ng FTC sa Pagnanakaw sa Pagkakakilanlan; mga sulat na tumatanggi sa pagbabalik ng bayad sa mga mapanlinlang na pagsingil; mga binili ninyong serbisyo sa pagsubaybay ng credit</i>	\$ Petsa:	
Mga binayarang pang-propesyunal na bayad upang matukoy ang pagnanakaw sa pagkakakilanlan noong petsa na o pagkatapos ng	\$ Petsa:	

5/13/2017 <i>Mga Halimbawa: Mga resibo, pagsingil, at invoice mula sa mga accountant, abogado, o iba pa</i>		
Iba pang gastos gaya ng pagpapanotaryo, fax, postage, pagpapakopya, biyahe, at mga singilin sa long-distance na tawag na nauugnay sa data breach <i>Mga Halimbawa: Mga singilin sa telepono, resibo, detalyadong listahan ng mga lugar na inyong pinuntahan (hal. istasyon ng pulis, tanggapan ng IRS), dahilan kung bakit kayo nagpunta doon (hal. ulat ng pulis o sulat mula sa IRS tungkol sa: pekeng pagbalik-buwis) at layo ng inyong biyahe</i>	\$ Petsa:	

Paano Ninyo Gustong Matanggap ang Inyong Kabayaranang Cash	
Kung kayo ay humiling para sa kabayaranang cash sa form ng kahilingang ito, maaari kayong pumili kung alinman sa tseke o pre-paid card ang inyong kabayaran na matatanggap ninyo sa address ng inyong tirahan.	
Kailangang mapapalitan ng cash ang mga tseke sa loob ng 90 araw. Hindi pipiliin ninyo ang pre-paid card, hindi kailanman mag-e-expire ang card.	
Alin ang mas gusto ninyo?	
☐ Tseke	
☐ Pre-Paid Card	

Lagda

Pinagtitibay ko sa ilalim ng mga batas ng Estados Unidos na ang impormasyong aking ibinigay sa form ng kahilingang ito at anumang mga kopya ng dokumento na ipinapadala ko upang suportahan ang aking kahilingan ay tunay at tama sa abot ng aking kaalaman.

Lagyan ng tsek ang isa:

___ Pinagtitibay ko na ako ang magulang o legal na tagapag-alaga ng batang nakasulat sa ibaba, at nagpa-file ako ng kahilingan sa kanyang ngalan.

Pangalan ng Bata: _____

O

___ Sinasagutan ko ang form ng kahilingan na ito para sa aking sarili, at ako ay lagpas na sa edad na 18 taong gulang.

Nauunawaan ko na maaari akong hingan ng higit pang impormasyon ng administrador ng mga kahilingan bago matapos ang aking kahilingan.

Lagda:	Petsa:
Isulat ang Inyong Pangalan:	